

LUNGSOD NG MILPITAS, CALIFORNIA
PAMANTAYAN SA PAMAMARAAN NG PAGPAPATAKBO

PAKSA: PATAKARAN SA PAGPAPAHINTO SA SERBISYO NG PAMBAHAY NA TUBIG

1. **Pagpapairal ng Patakaran.** Ang Patakarang ito ng Pagpapahinto sa Serbisyo ng Pambahay na Tubig (ang “Patakaran” na ito) ay lalapat sa lahat ng account ng Lungsod para sa serbisyo ng pambahay na tubig, ngunit hindi lalapat sa anumang account para sa hindi pambahay na serbisyo. Sa hangganan ng mga hindi pagkakaunawaan sa Patakaran na ito sa anumang ibang tuntunin, mga regulasyon, o mga patakaran ng Lungsod, ay kokontrolin ng Patakaran na ito.

2. **Impormasyon ng Kontak.** Para sa mga katanungan o tulong hinggil sa bill ng inyong tubig, maaaring makontak ang Customer Service ng Lungsod sa (408) 586-3100. Maaari ring bisitahin nang personal ng mga customer ang Customer Service desk ng Lungsod nang Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 a.m. Hanggang 5:00 p.m., maliban sa mga pista opisyal ng Lungsod.

3. **Mga Pamamaraan ng Billing.** Ang mga singil sa serbisyo ng tubig ay babayaran sa Lungsod nang minsan sa tuwing dalawang buwan o sa naturang ibang dalas na paminsan-minsang pinagpasyahan ng Konseho ng Lungsod. Ang lahat ng bill para sa serbisyo ng tubig ay due at dapat bayaran sa loob nang dalawampu’t isang (21) araw pagkatapos mai-mail o mai-e-mail ng Lungsod. Ang anumang bill na hindi nabayaran sa loob nang naturang panahon ay ituturing na delingkuwente.

4. **Pagpapahinto sa Serbisyo ng Tubig para sa Hindi Pagbabayad.** Kung ang bill ay delingkuwente nang hindi bababa sa animnapu’t tatlo (63) araw, maaaring ihinto ng Lungsod ang serbisyo ng tubig sa address ng serbisyo.

4.1 **Nakasulat na Abiso sa Customer.** Magbibigay ang Lungsod ng naka-mail na mga Abiso ng Paalala sa customer na nakarekord nang hindi bababa sa labinlimang (15) araw bago sa pagpapahinto sa serbisyo ng tubig. Maglalaman ang Abiso ng Paalala ng:

- (a) pangalan at address ng customer;
- (b) ang halaga ng delingkuwente;
- (c) ang petsa kung saan maaaring gawin ang bayad o pag-aayos ng bayad para maiwasan ang pagpapahinto ng serbisyo;
- (d) ang pamamaraan kung saan maaaring magpasimula ang customer ng reklamo o humiling ng imbestigasyon o apela hinggil sa serbisyo o mga singil, maliban lang kung kasama sa mga bill ng tubig;
- (e) paglalarawan ng pamamaraan kung saan maaaring humiling ang customer ng alternatibong pag-aayos ng pagbabayad, kung saan ay maaaring kasama ang ekstensyon o alternatibong iskediyul ng pagbabayad;

- (f) ang pamamaraan para makakuha ang customer ng impormasyon sa pinansyal na tulong, kung naaangkop; at
- (g) ang numero ng telepono kung saan maaaring humiling ang customer ng pag-aayos ng bayad o makatanggap ng karagdagang impormasyon mula sa Lungsod.

4.2 Panghuling Abiso sa mga Customer at Nakasulat na Abiso sa mga Umoukopa o Nangungupahan.

(a) Magpapadala ang Lungsod ng mga Panghuling Abiso sa nakarekord na customer nang hindi bababa sa sampung (10) araw bago sa pagpapahinto sa serbisyo ng tubig.

(b) Magpapadala rin ang Lungsod ng abiso sa mga umoukopang nakatira sa address ng serbisyo nang hindi bababa sa sampung (10) araw bago sa hindi pagpapatuloy sa serbisyo ng tubig sa ilalim ng mga sumusunod na kalagayan: (1) nagbibigay ang Lungsod ng nakaindibidwal na nakametro ng serbisyo sa isahang tirahan ng pamilya, multi-unit na istrakturang pambahay, mobile home park, o farm labor camp at ang may-arai, manager, o operator ay ang customer na nakarekord; o (2) mailing address ng customer na nakarekord ay hindi pareho gaya sa address ng serbisyo. I-address ang abiso sa “Umoukopa,” maglalaman ng impormasyong kinakailangan sa Seksyon 4.1 sa itaas, at papaalamanan ang mga umoukopang naninirahan na mayroon silang karapatan na maging mga customer ng Lungsod nang hindi kinakailangan na bayaran ang due na halaga na nasa delingkuwenteng account. Ang mga takda at kundisyon para sa mga umoukopa para maging mga customer ng Lungsod ay nakalaan sa Seksyon 8 sa ibaba.

(c) Kung nagbibigay ang Lungsod ng tubig sa pamamagitan ng master meter sa isang multi-unit na istrakturang pambahay, mobile home park, o mga permanenteng istrakturang pambahay sa isang labor camp at ang may-ari, manager, o operator ay ang nakarekord na customer, mabuting magpupursigi ang Lungsod para paalaman ang mga umoukopa, sa pamamagitan ng nakasulat na abisong nakapaskil sa pinto ng bawat unit na pambahay nang hindi bababa sa labinglimang (15) araw bago sa pagtatapos, na ang account ay atrasado at tatapusin ang serbisyo sa ipinahiwatig na petsa sa abiso. Kung hindi ito makatwiran o maisasagawa para maipaskil ang abiso sa pintuan ng bawat unit, magpapaskil ang Lungsod nang dalawang (2) kopya ng abiso sa bawat napupuntahang karaniwang lugar at sa bawat lugar ng napupuntahang istraktura o mga istraktura. Papaalamanan ng abiso ang mga umoukopang naninirahan na mayroon silang karapatan na maging mga customer ng Lungsod nang hindi kinakailangan na bayaran ang due na halaga na nasa delingkuwenteng account. Tutukuyin din sa abiso kung ano ang kinakailangan ng mga umoukopa upang maiwasan ang pagtatapos, o para muling itaguyod ang serbisyo; ang tinantiyang buwanang gastos ng serbisyo; ang titulo; address, at numero ng telepono ng isang kinatawan ng Lungsod na maaaring tulungan ang mga umoukopa sa pagpapatuloy sa serbisyo; at ang address o numero ng telepono ng isang kuwalipikadong proyekto ng ligal na mga serbisyo na nairekumenda na ng lokal na asosasyon ng bar ng county. Ang mga takda at kundisyon para sa mga umoukopa para maging mga customer ng Lungsod ay nakalaan sa Seksyon 8 sa ibaba.

(d) Magtatasa ang Lungsod ng parusa na 5% sa oras ng pagbibigay ng Abiso ng Paalala at karagdagan na 5% sa oras ng pagbibigay ng Panghuling Abiso.

4.3 Personal o Abiso sa Telepono. Gagawa rin ang Lungsod ng makatwiran, mabuting pananamapalatayang pagpupursigi para makontak ang customer na nakarekord o may sapat na gulang na taong naninirahan sa mga kapaligiran ng customer nang personal o sa telepono nang hindi bababa sa pitong (7) araw na may pasok bago sa pagpapahinto ng serbisyo. Mag-aalok na magbibigay ang Lungsod ng nakasulat na kopya ng Patakarang ito at para talakayin ang mga opsyon para maiwasan ang pagpapahinto ng serbisyo ng tubig para sa hindi pagbabayad, kabilang ang posibilidad ng isang ekstensyon o iba pang pag-aayos sa pagbabayad.

4.4 Pagpapaskil ng Abiso sa Address ng Serbisyo. Kung hindi makapagkokontak ang Lungsod sa customer o isang may sapat na gulang na naninirahan sa address ng serbisyo nang personal o sa telepono, gagawa ng mabuting panamapalatayang pagpupursigi ang Lungsod para mag-iwan ng abiso ng napipintong pagpapahinto ng serbisyong pambahay at isang kopya ng Patakaran na ito sa isang kapansin-pansing lugar sa address ng serbisyo. Ang abiso at kopya ng Patakaran na ito ay i-iwan sa tinitirhan nang hindi bababa sa apatnapu't walong (48) oras bago sa pagpapahinto ng serbisyo. Magtatasa ang Lungsod ng singil sa serbisyo para sa abisong ito. Isasama sa abiso ang:

- (a) pangalan at address ng customer;
- (b) ang halaga ng delinkuwente;
- (c) ang petsa kung saan maaaring gawin ang bayad o pag-aayos ng bayad para maiwasan ang pagpapahinto ng serbisyo;
- (d) ang pamamaraan para makakuha ang customer ng impormasyon sa pinansyal na tulong, kung naaangkop; at
- (e) ang numero ng telepono kung saan maaaring humiling ang customer ng pag-aayos ng bayad o makatanggap ng karagdagang impormasyon mula sa Lungsod.

4.5 Mga Kalagayan Kung Saan sa Ilalim ng Kung Aling Serbisyo ang Hindi Maihihinto. Hindi ititigil ng Lungsod ang serbisyo ng tubig na pambahay para sa hindi pagbabayad sa ilalim ng mga sumusunod na kalagayan:

- (a) Sa panahon ng imbestigasyon ng Lungsod sa isang usapin ng customer o reklamo sa ilalim ng Seksyon 5.1 sa ibaba;
- (b) Sa panahon ng pagkakabinbin ng isang apela sa Konseho ng Lungsod sa ilalim ng Seksyon 5.3 sa ibaba o;
- (c) Sa panahon ng oras ng pagbabayad ng customer ay sumasailalim sa isang ekstensyong inaprobahan ng Lungsod o alternatibong iskedyul ng pagbabayad sa ilalim ng Seksyon 6 sa ibaba, at nananatiling tumutugon ang customer sa naaprobahang pag-aayos ng bayad.

4.6 Mga Kalagayan Kung Saan sa Ilalim ng Serbisyo sa Pamamagitan ng Master Meter ay Hindi Maihihinto. Kung ibinibigay ng Lungsod ang tubig sa pamamagitan ng master meter sa

isang multi-unit na istrakturang pambahay, mobile home part, o permanenteng mga istrakturang pambahay sa isang labor camp at ang may-ari, manager, o operator ng tirahan, istraktura, o park ay ang customer na nasa rekord, hindi ipahihinto ng Lungsod ang serbisyo ng tubig para sa hindi pagbabayad sa ilalim ng mga sumusunod na kalagayan.

(a) Kapag ang pagkakautang ng customer sa iba pang ahensyang pampubliko, o kapag ang obligasyong kinakatawan ng delingkuwenteng account o natamo ang pagkakautang sa alinmang pampublikong ahensya bukod sa utilidad ng tubig ng Lungsod.

(b) Kung nauugnay ang delingkuwenteng account sa isa pang ari-ariang pag-aari, pinapangasiwaan, o ino-operate ng customer;

(c) Kung sesertipikuhan ng isang opisyal na pampubliko na ang pagtatapos ay magreresulta sa isang malaking banta sa kalusugan o kaligtasan ng mga pambahay na umookupa o sa publiko.

4.7 Espesyal na mga Kalagayang Medikal at Pinansyal sa Ilalim Kung Saan ay Hindi Mapahihinto ang mga Serbisyo.

(a) Hindi ipahihinto ng Lungsod ang serbisyo ng tubig kung ang lahat ng kundisyon ay matutugunan:

(i) Ang customer, o isang nangungupahan na customer, ay isusumite sa Lungsod ang sertipikasyon ng isang lisensyadong pangunahing care provider na magiging banta sa buhay ang pagpapahinto ng serbisyo ng tubig, o magbabadya ng malalang banta sa kalusugan at kaligtasan ng, isang residente o ng kapaligiran kung saan ibinibigay ang pambahay na serbisyo;

(ii) Nagpapamalas ang customer na siya ay pinansyal na hindi makapagbabayad para sa serbisyonang pambahay sa loob ng normal na ikot ng billing ng Lungsod. Mukhang pinansyal na hindi makababayad ang customer sa panahon ng normal na ikot ng billing kung: (a) ang sinumang miyembro ng sambahayan ng customer ay kasalukuyang tumatanggap ng mga CalWORK, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children, o (b) nagdeklara ang customer sa ilalim ng parusa ng walang katotohanan na ang taunang kita ng sambahayan ay kulang sa 200 porsiyento ng poverty level ng pederal; at

(iii) Gustong pumasok ng customer sa isang alternatibong pag-aayos, kabilang ang ekstensyon o alternatibong iskedyul ng pagbabayad hinggil sa mga delingkuwenteng singil.

- (b) Para sa sinumang customer na natutuganan ang lahat ng nasa itaas na mga kundisyon, aalukin ng Lungsod ang customer ng isa sa mga sumusunod na opsyon, na pipiliin ng Lungsod sa diskresyon nito: (1) ekstensyon ng panahon ng pagbabayad; o (2) alternatibong iskedyul ng pagbabayad. Pipiliin ng Finance Director ng Lungsod ang pinakanaaangkop na pag-aayos ng bayad, na isinasaalang-alang ang impormasyon at dokumentasyong ibinigay ng customer, pati na rin ang mga pangangailangan sa pagbabayad ng Lungsod.
- (c) Responsable ang customer sa pagpapamalas na ang mga kundisyon sa subseksyon na (a) ay natugunan na. Sa pagtanggap ng dokumentasyon mula sa customer, rerepasuhin ng Lungsod ang dokumentasyon sa loob nang pitong (7) araw at: (1) aabisuhan ang customer sa napiling pag-aayos ng bayad ng Lungsod at hihilingan ang customer na lumagda ng pagsang-ayon na lumahok sa alternatibong pag-aayos na iyon; (2) humiling ng karagdagang impormasyon mula sa customer; o (3) abisuhan ang customer na hindi niya natutugunan ang kundisyon sa subseksyon na (a).
- (d) Maaaring hindi ipagpatuloy ng Lungsod ang serbisyo ng tubig kung ang isang customer na ginawaran ng pag-aayos ng alternatibong pagbabayad sa ilalim ng seksyon na ito ay nabigong gawin ang anumang sumusunod na animnapung (60) araw o higit pa: (a) para mabayaran ang kanyang hindi bayad na mga singil sa pamamagitan ng pinahabang petsa ng pagbabayad; (b) para bayaran ang anumang halagang due sa ilalim ng alternatibong iskedyul ng pagbabayad; o (c) para bayaran ang kanyang kasalukuyang mga singil para sa serbisyo ng tubig. Magpapaskil ang Lungsod ng babalang abiso ng balak na pagdiskonekta sa serbisyo sa isang halata at kapansin-pansing lokasyon sa address ng serbisyo nang hindi bababa sa limang (5) araw bago sa pagpapahinto ng serbisyo. Ang panghuling abiso ay hindi bibigyan karapatan ang customer sa anumang imbestigasyon o repaso ng Lungsod.

4.8 Panahon ng Pagpapahinto at Pagbabalik ng Serbisyo. Ipapahinto lamang ng Lungsod ang serbisyo ng tubig sa panahon ng mga oras ng negosyo.

4.9 Pagbabalik ng Serbisyo. Ang mga customer na napahinto ang serbisyo ng tubig ay maaaring kontakin ang Lungsod sa telepono o nang personal hinggil sa pagbabalik ng serbisyo. Ang pagbabalik ay sasailalim sa pagbayad ng: (a) anumang halaga ng past-due, kabilang ang mga naaangkop na mga parusa; (b) anumang mga singil sa muling koneksyon gaya nang naaprobahan ng Konseho ng Lungsod sa pamamagitan ng paghiram sa Master Fee Schedule, na sasailalim sa mga limitasyon sa Seksyon 7.1, kung naaangkop; (c) at security deposit, kung kakailanganin ng Lungsod.

5. **Mga Pamamaraan para Tutulan o Mag-apela ng Bill.**

5.1 Panahon para Magpasimula ng Reklamo o Humiling ng Imbestigasyon. Maaaring tutulan ng customer ang halaga ng isang bill sa pamamagitan ng pagsusumite ng nakasulat na

reklamo o humiling ng imbestigasyon sa loob nang labinlimang araw (15) pagkatapos ng presentasyon o pagme-mail sa bill sa customer kung alinman ang mas nauna.

5.2 Repaso ng Lungsod. Ang nasa panahon na reklamo o kahilingan para sa imbestigasyon ay matatanggap ng isang manager ng Finance Department, na magbibigay ng nakasulat na pagpapasya sa customer. Kasama sa repaso ang pagsasaalang-alang ng kung ang customer ay maaaring makatanggap ng ekstensyon, o alternatibong iskedyul ng pagbabayad, sa ilalim ng Seksyon 6. Maaari ang Lungsod, sa diskresyon nito, ay magrepasso ng walang sa panahong mga reklamo o kahilingan para sa imbestigasyon; gayunman, ang naturang mga reklamo ay hindi sasailalim sa apela.

5.3 Apela sa Konseho ng Lungsod. Ang sinumang customer na ang napapanahong reklamo o kahilingan para sa imbestigasyon alinsunod sa Seksyon 5 na ito ay nagresulta sa masamang pagpapasya ay maaaring iapela ang pagpapasya sa Konesho ng Lungsod sa pamamagitan ng paghahain ng nakasulat na abiso ng apela sa City Clerk sa loob nang sampung (10) araw ng negosyo sa pagme-mail ng Lungsod sa pagpapasya nito. Sa pagkatanggap ng abiso ng apela, itatakda ng City Clerk ang bagay para madinig sa paparating na pulong ng Konseho ng Lungsod at ime-mail ang customer ng nakasulat na abiso sa oras at petsa ng pagdinig nang hindi bababa sa sampung (10) araw bago sa pulong. Ang desisyon ng Konseho ng Lungsod ay magiging panghuli.

6. **Mga Ekstensyon at Iba Pang Alternatibo ng Pag-aayos ng Pagbabayad.**

6.1 Panahon para Humiling ng Ekstensyon o Iba Pang Alternatibo ng Pag-aayos ng Pagbabayad. Kung hindi makabayad ang customer ng bill sa panahon ng normal na panahon ng pagbabayad, maaaring humiling ang customer, nang nakasulat, ng ekstensyon o iba pang alternatibo ng pag-aayos ng pagbabayad na inilarawan sa Seksyon 6 na ito. Kung isusumite ng customer ang kanyang kahilingan sa loob nang labintatlong (13) araw pagkatapos ng pagme-mail ng panghuling nakasulat na abiso ng pagpapahinto ng serbisyo ng Lungsod, rerepasuhin ang kahilingan ng isang manager ng Finance Department. Mga desisyon ng Lungsod hinggil sa mga ekstensyon at iba pang alternatibong mga pag-aayos ng pagbabayad ay panghuli at hindi sumasailalim sa apela sa Konesho ng Lungsod.

6.2 Ekstensyon. Sa oras ng kahilingan, ang kabayaran ng customer sa kanyang hindi bayad na balanse ay maaaring pansamantalang mapahaba sa panahon na hindi lalampas sa tatlong (3) buwan pagkatapos sa orihinal na due date ng balanse. Pagpapasyahan ng Finance Director ng Lungsod o ng itinalaga, sa kanyang sariling diskresyon, kung gaanong kahabang ekstensyon ang ibibigay sa customer. Dapat bayaran ng customer ang buong hindi bayad na balanse at saka mga multa sa petsang itinakda ng Lungsod at dapat manatiling pangkasalukuyan sa lahat ng singil ng serbisyo ng tubig na magaganap sa panahon ng anumang susunod na mga panahon ng billing. Nang hindi hihigit sa isang (1) ekstensyon alinsunod sa seksyon 6.2 ay dapat mapayagan kada account sa loob ng anumang magkasunod na dalawampu't apat (24) na buwang panahon. Kung nagamit ng customer ang kanyang mga ekstensyon sa pagbabayad at hindi makakabayad o mapanatiling nasa kasalukuyan sa kanyang pagbabayad, ang mga takda ng pagbabayad kabilang ang alternatibong kasunduan sa pagbabayad ay maaaring maging available hanggang ang customer ay isang Qualified Customer gaya nang inilarawan sa seksyon 6.3.

6.3 Alternatibong Iskedyul ng Pagbabayad. Ang sinumang Qualified Customer ay maaaring bayaran ang kanyang hindi bayad na balanse at saka mga parusa alinsunod sa isang iskedyul ng alternatibong pagbabayad na hindi lalampas sa labindalawang (12) buwan, gaya ng pinagpasyahan ng Finance Director ng Lungsod sa kanyang diskresyon. Kung naaprobahan, maaaring payagan ng iskedyul ng alternatibong pagbabayad ang periodic lump-sum na mga kabayaran na hindi magkakasabay sa itinaguyod na petsa ng pagbabayad ng Lungsod o maaaring magbigay para sa mga kabayaran ginawa humigit-kumulang madalas kaysa sa petsa ng regular na pagbabayad ng Lungsod. Sa panahon ng iskedyul ng alternatibong pagbabayad, dapat manatiling nasa kasalukuyan ang customer sa lahat ng mga singil ng serbisyo ng tubig na nagaganap sa panahon ng anumang kasunod na mga panahon ng billing. Ang iskedyul ng alternatibong pagbabayad at due na mga halaga ay itatakda nang nakasulat at ibibigay sa customer.

Ang Qualified Customer para sa layunin ng seksyon na ito ay sinumang customer kung saan ang lahat ng sumusunod na kundisyon ay natutugunan:

- a. Ang customer, o isang nangungupahan ng customer, ay isinusumite sa sistema ng tubig na panglungsod at komunidad ang sertipikasyon ng isang primary care provider, gaya ng mga takda na iyan na tinukoy sa subparagraph (A) ng paragraph (1) ng subdivision (b) ng Seksyon 14088 ng Welfare and Institutions Code, na ang pagpapahinto ng pambahay na serbisyo ay magiging banta sa buhay, o magbabadya ng malalang banta sa buhay at kaligtasan ng, isang residente ng mga kapaligiran kung saan ibinibigay ang pambahay na serbisyo.
- b. Ang sinumang miyembro ng sambahayan ng customer ay kasalukuyang tumatanggap ng mga CalWORK, CalFresh, Estado o mga programa ng lokal na pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children, o nagdedeklara ang customer na ang taunang kita ng sambahayan ay kulang sa dalawang daang porsiyente (200%) ng poverty level ng pederal.
- c. Pumapayag ang customer na pumasok sa isang Kasunduan ng Alternatibong Pagbabayad gaya nang tinukoy dito.

6.4 Kabiguang Tumulima. Kung nagawaran ang customer ng kasunduan ng pagbabayad sa ilalim ng Seksyon 6 at nabigong: (1) bayaran ang hindi bayad na mga singil sa petsa ng ekstensyon; o (2) magbayad ng halaga ng due sa ilalim ng iskedyul ng alterntibong pagbabayad; kung gayon maaaring tapusin ng Lungsod ang serbisyo ng tubig. Magpapaskil ang Lungsod ng panghuling abiso ng balak na pagdiskonekta sa serbisyo sa isang halata at kapansin-pansing lokasyon sa address ng serbisyo nang hindi bababa sa limang (5) araw bago sa pagpapahinto ng serbisyo. Ang panghuling abiso ay hindi bibigyan karapatan ang customer sa anumang imbestigasyon o repaso ng Lungsod.

7. Partikular na mga Programa para sa mga Customer na Mababa ang Kita.

7.1 Mga Limit sa Bayad sa Muling Koneksyon. Para sa mga pambahay na customer na nagpapamalas sa Lungsod na ang kita ng sambahayan na mababa sa 200 porsiyento ng

poverty line ng pederal, lilimitahan ng Lungsod ang anumang mga singil sa muling pagbabalik ng serbisyo sa panahon ng normal na mga oras sa limampung dolyares (\$50), at sa panahon ng mga oras na hindi nagpapatakbo sa isang daan at limampung dolyar (\$150) para sa 2020. Lalapat lamang ang mga limit kung talagang lalampas ang halaga na ito sa mga singil sa pagbabalik ng serbisyo ng Lungsod. Sasailalim ang mga limit na ito sa taunang pagtatama para sa mga pagbabago sa Bureau of Labor Statistics' Consumer Price Index for All Urban Consumers (CPI-U) simula sa Enero 1, 2021.

7.2 Mga Kuwalipikasyon. Ipapalagay ng Lungsod angambahay na customer na magkakaroon ng kita ng sambahayan na mababa sa 200 porsiyento ng poverty line ng pederal kung: (a) ang sinumang miyembro ng sambahayan ay kasalukuyang tumatanggap ng mga CalWORK, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children, o (b) nagdeklara ang customer sa ilalim ng parusa ng panunumpa nang walang katotohanan na ang taunang kita ng sambahayan ay kulang sa 200 porsiyento ng poverty level ng pederal.

8. Mga Pamamaraan para sa mga Umookupa o mga Nangungupahan na Maging mga Customer ng Lungsod.

8.1 Pagkanagagamit. Magagamit lamang ang Seksyon 8 na ito kapag ang may-ari ng ari-arian, manager, o operator ng isang address ngambahay na serbisyo ay nakalista bilang ang customer na nakarekord at nabigyan na ng abiso ng balak na pagpapahinto sa serbisyo ng tubig sanhi sa hindi pagbabayad.

8.2 Kasunduan sa mga Takda at Kundisyon sa Serbisyo ng Lungsod. Gagawing available ng Lungsod ang serbisyo sa aktuwal na mgaambahay na umookupa kung ang bawat umookupa ay sasang-ayon sa mga takda at kundisyon ng serbisyo at matutugunan ang mga kinakailangan ng ordinansa ng Lungsod. Kahit na, kung ang isa o higit pa sa mga umookupa ay gusto at may kakayahang gampanan ang responsibilidad para sa susunod na mga singil sa account sa kasiyahan ng Lungsod, o kung mayroong pisikal na mga pamamaraan, ligal na available sa Lungsod, na mapiling pagpapahinto sa serbisyo sa mga umookupa na hindi natugunan ang mga kinakailangan ng tuntunin at regulasyon ng Lungsod, dapat gawing available ng Lungsod ang serbisyo sa mga umookupa na natugunan ang mga kinakailangan na iyon.

8.3 Beripikasyon ng Paninirahan. Upang maging karapat-dapat maging isang customer nang hindi bimabayaran ang halagang due sa delingkuwenteng account, dapat beripikahin ng umookupa na ang delingkuwenteng account ng customer na nasa rekord ay sa nagpapaupa, manager, o isang ahente ng tinitirhan. Maaaring kasama sa beripikasyon, ngunit hindi limitado sa, kasunduan ng pag-arkila o pag-upa, mga resibo ng upa, dokumento ng gobyerno na ipinapahiwatig na ang umookupa ay inuupahan ang ari-arian, o impormasyong ibinunyag alinsunod sa Seksyon 1962 ng Civil Code, at ng diskresyon ng Lungsod.

9. **Serbisyo ng Abiso ng Ikatlong Partido para sa mga Senior at mga May Sapat na Gulang na Umaasa.** Gagawing available ng Lungsod, sa mgaambahay na customer na mga 65 ang taon o mas matanda, o mga may sapat na gulang na umaasa (gaya nang tinukoy sa Welfare and Institutions Code Seksyon 15610(b)(1)), serbisyo ng abiso ng ikatlong partido kung saan ay

tatangkain ng Lungsod na abisuhan ang taong itinakda ng customer para tumanggap ng abiso kapag ang account ng customer na past-due at sasailalim sa pagtatapos. Isasama sa abiso ang impormasyon sa kung ano ang kinakailangan para maiwasan ang pagpapahinto ng serbisyo. Ime-mail ng Lungsod ang abiso sa itinalagang ikatlong partido nang hindi bababa sa sampung (10) araw bago sa pagpapahinto ng serbisyo. Para makalahok, dapat magsumite ang customer ng kahilingan para sa abiso ng ikatlong partido sa isang form na ibinigay ng Lungsod, at dapat kasama ang pahintulot ng itinalagang ikatlong partido. Hindi oobligahin ng serbisyo ng abiso ang ikatlong partido na magbayad ng anumang overdue na mga singil, na hindi ito dapat pigilan o iantala ang pagtatapos ng serbisyo.

10. **Wika para sa Ilang Nakasulat na mga Abiso.** Ang lahat ng nakasulat na abiso sa ilalim ng Seksyon 4 at Seksyon 6.6 ng Patakaran na ito ay dapat ibibigay sa Ingles, Espanyol, Intsik, Tagalog, Vietnamese, Korean, at anumang ibang wika na sinasalita ng sampung porsiyento (10%) o higit pa ng mga tao sa loob ng lugar na sineserbisyuhan ng Lungsod.

11. **Iba Pang Remedyo.** Bilang karagdagan sa pagpapahinto ng serbisyo ng tubig, maaaring ipagpatuloy ng Lungsod ang anumang ibang remedyo na available sa batas o pagkaparehas sa hindi pagbabayad sa mga singil sa serbisyo ng tubig, kabilang, ngunit hindi llimitado sa: pagpapatibay sa mga halaga ng delingkuwente sa paghahain ng mga prenda sa real property, paghahain ng claim o ligal na aksyon, o pagsangguni sa hindi bayad na mga halaga sa mga koleksyon. Sa kaganapan na mapagpasyahan ang ligal na aksyon sa pabor ng Lungsod, magkakaroon ng karapatan ang Lungsod sa kabayaran sa lahat ng halaga at mga gastos, kabilang ang bayad sa abogado, at naipong interes.

12. **Pagpapahinto sa Serbisyo ng Tubig para sa Iba Pang Paglabag ng Customer.** Nilalaan ng Lungsod ang karapatan na ipahinto ang serbisyo ng tubig para sa anumang paglabag sa mga ordinansa ng Lungsod, mga tuntunin, o regulasyon bukod sa hindi pagbabayad.

13. **Mga Bayad at Singil na Natamo.** Maliban kung hindi hayagang ipinapahiwatig sa Patakarang ito, ang anumang bayad at mga singil na natamo ng isang customer sa ilalim ng anumang ibang tuntunin, mga regulasyon, o patakaran ng Lungsod, kabilang, ngunit hindi limitado sa, delingkuwenteng mga singil, ay magiging due at dapat bayaran gaya nang itinada sa loob nito.

14. **Mga Desisyon ng Kawani ng Lungsod.** Anumang desisyon kung saan ay maaairng gawin ng Finance Director ng Lungsod sa ilalim ng Patakaran na ito ay maaaring gawin niya o ng kanyang itinalaga.